

Patimpalak para sa disaster-proof designs inilunsad ng DOST, pribadong sektor

Ni Maria Luisa S. Lumioan
S&T Media Service, DOST-STII

Nagsanib pwersa ang Department of Science and Technology (DOST) at mga pribadong sektor sa layuning makalikha ng mga tahanan at paaralang “disaster-proof”.

Kasama ng DOST ang Ortigas & Co., isang property developer, at Habitat for Humanity, isang non-profit Christian housing ministry, sa paglulunsad ng “Build Forward”, isang pambansang kompetisyon sa pagdidisenyo ng mga disaster-adaptive na mga bahay at school building. Bukas ang patimpalak sa mga architecture students.

Ang magwawaging disenyo ay gagamitin ng Habitat for Humanity sa pagtatayo ng 30,000 mga bahay sa mga lugar na sinalanta ng Yolanda. Ang DOST ang magbibigay ng teknikal na gabay, samantalang ang Ortigas & Co. naman ang panggagalingan ng rekurso.

Kailangang kayanin ng mga bahay at paaralan ang 250-kilometers-per-hour na bugso ng hangin at intensity 8 na lindol.

Gayundin, ang bawat unit ng bahay ay nagkakahalaga dapat ng mas mababa kaysa sa P200,000; may dalawang kuwarto, banyo at palikuran, kusina, at living space; may minimum floor area na 36 square meters; at kayang itayo sa loob ng isa’t kalahating buwan.

Samantala, ang disenyo ng paaralan ay dapat may apat na silid-aralan na may minimum area na 63 square meters bawat isa;
sundan sa pahina 2

DOST at DOLE, magkasama sa pagbibigay ng mga hanapbuhay na may kinalaman sa teknolohiya

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, DOST-STII

Mga resource-based, pangmatagalan at may kinalaman sa teknolohiya ang handog na trabaho ng Department of Science and Technology (DOST) at Department of Labor and Employment (DOLE) para sa mga pamilyang nasalanta ng mga nakaraang kalamidad at pinauwing OFW.

Ayon kay DOST Secretary Mario G. Montejo, “We do not only aim to rebuild communities but also to enhance the resilience of our communities with the aid of technology.”

Katulong din ng mga nasabing kagawaran ang iba’t ibang sangay ng pamahalaan na

sundan sa pahina 2

Mga Nilalaman

Mga makinaryang gawang Pinoy, ilalabas na ng DOST..... p3

Mga siyentista ng DOST, tinanghal bilang Outstanding Filipino ng 2013..... p4

Larawan News..... p4

Mula sa pahina 1

may isang palikuran at banyo; maaaring itayo sa loob ng dalawang buwan; nagkakahalaga ng P1,200,000; at maaaring gawing evacuation center sa oras ng krisis.

Ang magwawagi ay magkakamit ng P100,000 na gantimpala habang P 50,000 at P30,000 naman sa ikalawa at ikatlong pwesto.

Ang mga nais lumahok ay maaaring maglog-on sa <http://www.buildforward.com.ph/> upang magparehistro.

DOST at DOLE ...

Mula sa pahina 1

pamumunuan ang mga kaakibat na proyekto sa ilalim ng nasabing programa gaya ng pagkakaroon ng community-based enterprise, business incubator, business and technology center, innovation and knowledge center, at pagtataguyod ng climate change mitigation sa komunidad.

Ang mga proyekto, ayon kay Sec. Montejo—ay naaayon sa kaugaliang Filipino na mayroong tiwala sa sariling kakayahan, malikhain, at kakayahang bumangon muli.

Samantala, ang business and technology incubator ay magbibigay ng iba't ibang serbisyo sa mga start-up enterprise habang ang mga business and technology center naman ang magsisilbing alternatibong lugar upang makagawa ng mga makabagong negosyo. Sa kabilang dako, ang innovation and knowledge center naman ang magbibigay ng mga mahahalagang impormasyon hinggil sa agham, teknolohiya, at inobasyon.

Ang DOLE ay magbibigay naman ng tulong sa pamamagitan ng mga raw material, kagamitan, pagsasanay sa pagnenegosyo, safety and health, maging ang pagkakaroon ng micro-insurance ng mga mangangalakal.

Noong nakaraang buwan ay nilagdaan ng bawat pinuno ng mga kagawarang kabilang sa programa ang Memorandum of Agreement sa tanggapan ng Occupational Safety and Health Center sa Lungsod Quezon.

Pangunahing teknolohiya

Kabilang sa pangunahing teknolohiya na handog ng DOST para sa nasabing programa ay ang indigenous handicraft making, paggawa ng fiber glass banca, foldaway shelter, ceramic water pot filter, mga produkto sa paggawa ng tinapay, charcoal briquette, paggawa ng mga vegetable noodle, waste recycling, at complementary food para sa mga sanggol.

Para naman sa sektor ng pangingsda, ang mga hanapbuhay gaya ng smokehouse kit, fish canning at bottling, pagdadaing ng mga isda at pusit, vacuum packing, fish fillet, at tinadtad na isda.

Hangad ng pamahalaan na maging matagumpay ang nasabing inisyatiba kaya naman ang bawat kagawaran ay mayroong

Samantala, sinabi naman ni DOST Secretary Mario G. Montejo na ginagawa lahat ng gobyerno upang harapin ang hamon ng mga natural na kalamidad.

"Typhoon Yolanda has been an eye opener. Now, we have to prepare for the next big thing, and the government is working for it," aniya.

Maliban sa paglikha ng mga cost-effective disaster-proof structures, pinagtutuunan din ng DOST ang paggawa ng storm surge simulation

upang mabigyan ng sapat na babala ang mamamayan sakaling magkaroon muli ng storm surge sa bansa.

Kasalukuyan ding ginagawa ng DOST ang mga mas detalyadong hazard maps upang maging gabay sa mga komunidad sa paghahanda para sa mga kalamidad. (Impormasyon mula kay Gabby Mabutas S&T Media Service, DOST-STII)



Pinangunahan ni DOST Sec. Mario G. Montejo (pangatlo mula kaliwa) ang paglagda sa isang inter-agency Memorandum of Agreement kasa sina DOLE Sec. Rosalinda D. Baldoz (pangalawa mula kaliwa) upang magtulungan ang mga kagawaran ng pamahalaan sa pagbibigay ng mga hanapbuhay sa mga nasalanta ng mga nagdaang kalamidad at OFW. Kasama rin sa paglagda sa MOA ay ang iba't ibang opisyal ng mga nasabing kagawaran. (Larawan mula kay Framelia V. Anonas, S&T Media Service, DOST-STII)

kanya-kanyang gawain. Habang ang DOST nagbibigay ng iba't ibang teknolohiya, ang DOLE naman ang bahala sa pagbibigay ng mga hanapbuhay sa mga natukoy na pamilya. Samantala, ang Department of Trade and Industry ang magdadala ng mga produkto sa mga merkado, habang habang ang Department of Agriculture naman ang bahala sa mga teknolohiya at mga produktong pang-agrikultura.

Ayon pa kay Sec. Montejo, "the use of technology (in the livelihoods) will create value. The convergence of agencies ensure that there will be markets, and value-adding through technology ensure the program's sustainability."

Upang masiguro na lalago ang mga hanapbuhay sa mga nasalantang lugar, ani Sec. Montejo, ang paggamit sa mga materyales na laganap sa nasabing lugar ang isa sa mga isinasalang-alang. "Whatever we find in a certain area, we will create a product out of it using technology, add value to it, and find market for it," pahayag ni Sec. Montejo. Aniya, ang mga kamote sa Basey, Samar, ay maaaring gawing camote chip.

Ayon pa kay Labor Secretary Rosalinda Baldoz, na itinutulak ng pamahalaan ang

pagkakaroon pangmatagalang solusyon lalo na sa pagbangon ng mga apektadong pamilya. "Sustainability ensures the transformation of beneficiaries to better families, communities and country, leading to inclusive growth."

(Impormasyon mula kay Framelia V. Anonas, S&T Media Service, DOST-STII)

ARISTOTLE P. CARANDANG, PhD

Editor-in-Chief

JOY M. LAZCANO

Copy Editor

JAMES B. INTIA

Layout

JUDITH L. SABLAN

Proofreader

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 loc. 2148

Mga makinaryang gawang Pinoy, ilalabas na ng DOST

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, DOST-STII

Magandang balita ang sasalubong sa mga lokal na mangangalakal lalo na sa sektor ng food processing dahil sa taong ito ay ilulunsad ng Department of Science and Technology (DOST) ang mga kagamitan sa food processing na gawang Pinoy sa pamamagitan ng programang High Impact Technology Solutions (HITS).

Layunin ng programang HITS na mapalakas ang mga lokal na Small and Medium Enterprise (SME) sa bansa na lumago at makipagsabayang sa mga global brand sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mga lokal na kagamitan sa food processing.

Sa nakaraang pagpupulong ay iprinisinta ng DOST ang pitong locally developed food processing equipment gaya ng: water retort – isang kagamitang panluto na mayroong kakayahang matagalan ang mataas na temperatura upang mapatay ang mga mikrobyo at mapahaba ang shelf-life ng mga produktong pagkain; freeze dryer – ay isang kagamitang naghihiwalay sa mga nilalamang tubig ng mga gulay at prutas habang pinapanatili nito ang natural na komposisyon ng mga ito; vacuum fryer – ay isang uri ng kagamitang pampirito na hindi nangangailangan ng mataas na temperatura; spray dryer – isang uri ng kagamitan na ginagawang pulbos ang mga likido; vacuum packaging machine – ay mga kagamitan na ginagamit sa pagpakete ng mga produktong pagkain; immersion freezer – ay ang kagamitan na nagpapayelo sa mga produktong likido; at vacuum evaporator – na ginagamit upang palaputin ang mga likido.

Lima sa mga nabanggit na mga kagamitan ay sumailalim na sa functional at performance test habang ang dalawa ay kailangan pang sumailalim sa mga nasabing pagsusuri.

Ayon kay HITS project leader Nelia Florendo, maganda ang pagtanggap ng mga SME sa mga nasabing kagamitan. Dagdag pa nya na konting modipikasyon lamang ang kailangang isagawa sa mga prototype bago ito tuluyang saisapubliko.

“This program has several objectives, first DOST wanted to substitute the imported with locally designed, developed and manufactured



Mga kagamitang gawang Pinoy. Ipinapakita ng isang kawani mula sa Department of Science and Technology Industrial Technology Development Institute (DOST-ITDI) sa nakaraang technology forum ang gulay na ipinirito gamit ang vacuum fryer prototype (likurang imahe), ang kagamitan sa food processing na idinisenyo at nilikha ng DOST sa ilalim ng programang High Impact Technology Solutions (HITS) na nagtatampok ng mga kagamitang gawang Pinoy. Kabilang sa mga nasabing kagamitang ipinagmamalaki ng DOST ay ang mga water retort, freeze dryer, vacuum fryer, spray dryer, at vacuum packaging machine na isinapubliko sa mga kalahok sa nasabing pagpupulong. (Larawan mula kay Ceajay Valerio, S&T Media Service, DOST-STII)

equipment,” pahayag ni DOST-ITDI Director Nuna Almanzor. “DOST would also want to increase local technologies, help our SMEs including those in the metals industry, and ultimately lower the acquisition costs of these equipment.”

Ang Project Management Engineering Design Service Office ng DOST ay naatasang gumawa ng disenyo habang ang DOST-Metals Industry Research and Development Center naman ang magbuo ng mga prototype. Samantala, ang DOST-ITDI ang magsusuri ng performance ng mga kagamitan.

Ani Florendo, ang mga kagamitan ay maaaring gamitin sa mga itinakdang Food Innovation Center sa bawat rehiyon ng bansa. Pangunahing ilulunsad ito sa Cagayan State University ng Region 2, Bicol University ng Region 5, DOST Regional Office 6 sa Iloilo

City para sa Region 6, Eastern Visayas State University ng Region 8, Mindanao University of Science and Technology ng Region 10 at Philippine Women’s University ng Region 11.

Sa kabilang dako, ang pagkakaroon ng mga Food Innovation Center ay isa pa ring inisyatiba ng DOST upang mapalakas ang food manufacturing industry ng bansa.

Ayon sa datos, ang industriya ay nakapagtatala ng mahigit 40% ng kabuuang bilang ng mga lokal na produkto at 20% ng gross domestic product ng bansa kada taon. Subalit, ang industriya ay nasasadlak sa maraming suliranin gaya ng mataas na presyo ng mga kagamitang kinakailangan upang makagawa ng mga bagong produkto para sa merkado at ang pagpapalakas ng presensya nito sa lokal at internasyonal na merkado.



Si Pangulong Aquino kasama ang mga 2013 The Outstanding Filipino (TOFIL) Awardees na sina Secretary of Public Works and Highways Rogelio Singson for Governance and Public Service; DOST Forester Arsenio Ella for Environmental Conservation and Sustainable Development; and Dr. Alfredo Mahar Francisco Lagmay for Geology and Earth Science. (Larawan mula sa Malacañang Photo Bureau)

Mga siyentista ng DOST, tinanghal bilang Outstanding Filipino ng 2013

Ginawaran ng The Outstanding Filipino (TOFIL) Award 2013 sina Forester Arsenio Ella ng Department of Science and Technology- Forest Product Research and Development Institute (DOST-FPRDI) at Dr. Alfredo Mahar Francisco Lagmay, executive director ng Project NOAH.

Tinanggap nila ang parangal mula kay Pangulong Benigno Simeon Aquino III noong ika-29 ng Enero sa Insular Life Corporate Center, Muntinlupa City.

Kinilala si Forester Ella, isang conferred scientist na may ranggong Scientist III sa ilalim ng DOST Scientific Career System, para sa kanyang kontribusyon sa larangan ng "Environmental Conservation and Sustainable Development".

"Si Ginoong Arsenio Ella ang nagturo sa atin kung paano balansehin ang pangangalaga sa kalikasan at ang pagtugon sa mga praktikal na pangangailangan ng mga mamamayan," pahayag ni Pangulong Aquino.

Isa sa mga pananaliksik ni Forester Ella ay ang pagpapabuti ng pamamaraan ng pagkuha ng resin mula sa almasiga upang mapadami ang produksyon nito nang hindi makasisira sa mga puno. Ang kanyang pagsisikap na palaganapin ang tamang paraan ng "tapping" o pagkuha ng resin ay nakatutulong sa kabuhayan ng mga tappers habang sumusuporta naman sa conservation program ng pamahalaan.

Ang resin ng almaciga ay isang high-value export commodity na ginagamit sa paggawa

ng barnis, sabon, pintura, at iba pa.

Samantala, kinilala naman si Dr. Lagmay ng University of the Philippines Diliman sa kanyang kontribusyon sa larangan ng Geology at Earth Science. Siya rin ang isa sa mga pangunahing nagsulong ng Project NOAH, isang proyekto sa ilalim ng DOST, na ayon kay Pangulong Aquino ay "rebolusyonaryo ang kontribusyon sa ating kakayahang maghanda, tumugon at makabangong muli sa kalamidad".

Ang TOFIL Awards ay proyekto ng Insular Life at Junior Chamber International Senate Philippines upang kilalanin ang mga natatanging mga Pilipino na may mahalagang kontribusyon sa kanilang larangan, kapakanan ng publiko, at pag-unlad ng bansa. (Maria Luisa S. Lumioan, S&T Media Service)



LarawaNEWS

Most Outstanding Provincial S&T Director. Hinirang bilang Outstanding Provincial Science and Technology Director (PSTD) si Dr. Bilshan Servañez (gitna) ng Department of Science and Technology Region IV-B Romblon kamakailan sa DOST Executive Lounge, Bicutan, Taguig City. Si Dr. Servañez ay dating propesor ng agricultural engineering sa Romblon State University. Sa ilalim ng kanyang pamamalakad, ang tanggapan ng DOST sa Romblon ay mayroong 62 Small Enterprise Technology Upgrading Program beneficiary na kung saan ito ay nakatutok sa mga small-scale na industriya sa Romblon. Kasama ni Dr. Servañez sina DOST Secretary Mario G. Montejo (kaliwa) at DOST Region IV-B Director Ma. Josefina P. Abilay. (Larawan mula kay Ceajay Valerio, S&T Media Service, DOST-STII)